

タガログ語

Multa itinaas 300Th¥⇒3M¥

Mahalaga! Bagong patakaran ukol sa imigrasyon at pagtanggap ng refugees ay naaprubahan

Nirebisang bagong patakaran ng upisina ng imigrasyon at pagtanggap ng refugees ay naaprubahan noong May 27. Isinagawa upang mabawasan ang bilang ng mga banyagang illegal na naninirahan sa bansa at makontrol ang pagtanggap ng mga refugees sa tamang kategorya ng pagiging "refugee". Ipagbigay alam din ito sa mga kakilala.

Nirebisang Immigration Control Act ay magiging epektibo mula sa Dec. 2

- ① Ang multa sa mahuhuling overstay na mahuli ng pulisya ay itinaas mula ¥300,000 (30 kalapad) sa ¥3,000,000 (300 kalapad)
- ② Mula 5 taon ay magiging 10 taon na hindi makapasok muli ng bansang Hapon ang sinumang mahuhuling overstay at napauwing overstay, mula ng sila ay madeporta. Samantalang ang overstay na magkukusang sumuko sa imigrasyon ay hindi makukulong at mapapauwi sa loob ng 15 araw, sa nakaraang ibang kaso ay umabot ng isang buwan ang pag-proseso ng papeles. Ang bilang ng taon na hindi sila maaring makapasok ng bansang Hapon ay ibaba mula 5 taon at magiging 1 taon na lamang.

Pagtanggap ng refugees ay nirebisa din.

Dineklara noong June 2 at epektibo ngayong taon

- ① Nagkaroon ng pagtatalo ukol sa desisyon ng Ministro ng Hustisya sa pag-eksamin at mga criteria ng hindi pagkakaloob ng refugee status. Nagkaroon ng pangatlong grupo na nais talakayin ang pagbabatay sa hindi pagkakaloob ng refugee status.
- ② Pansamantalang pagtigil sa bansa ay ipagkakaloob sa mga kondisyong sinasaad.
 - A. Humihingi ng refugee status sa loob ng anim na buwang mula ng pumasok ng bansa
 - B. Hindi nag-aplika sa third world na bansa kung saan maari siyang pagkalooban ng status.

Hindi papayagang pumasok ng bansa ang may mental na kapansanan.

Pagbibigay ng refugee status ay maaring ipagkaloob ayon sa ilang mga kondisyon. Epektibo mula Agosto 2.

Iba't iba ang mga kaso at mga kondisyon ukol dito, maari lamang ay makipag-ugnayan sa Tokyo Regional Immigration Bureau **TEL 048-851-9671**

タガログ語

Halina kayo at sumali!

Mini international exchange party sa Oimachi

Kailan: Sept.12 (Linggo) 10:00~14:30

Pang-umagang programa ay gaganapin sa

Oi Higashihara elementary school gym =

Matuto ng *Wadaiko* (Japanese drums) • Bamboo dance o Tinikling (Philippines)

Programa sa hapon ay sa Ureshino hall

Pagsasalo-salo sa tanghalian, konsyerto ng pagtutugtog ng flute at masayang pag-uusap

Para sa detalye tumawag sa: Oi machi town hall
TEL 261-2811 & Fujiminoi international Cultural Exchange center TEL 275-0370

Banyagang volunteers inaanyayahan!

Inaanyayahan ang mga banyaga na maaring mag-volunteer sa pagbibisita sa mga paaralan ng elementarya at junior high school sa Fujimishi, Kamifukuokashi, Oimachi at Miyoshimachi para makibahagi sa pagtalakay ukol sa kani-kanilang, bansa, kultura, kaugalian ,at iba pa. Sasamahan at aalalayan kayo ng aming staff.

Tumawag: Fujimino Int'l Cultural Exchange center TEL 275-0370

Fujimino International Wai-Wai club

May camping sa Mt. Bandai sa Agosto

Kailan: Aug.6 (Biyernes)~Aug.8 (Linggo)

Saan: National Bandai Youth House

Ang pinakahihintay na ebento ng Wai-Wai club, ang “summer camp” ay gaganapin ngayong Agosto.

Pagsasama ng grupo bata man o matanda sa gitna ng kalikasan. Magandang pagkakataon para sa mga bata. Halina at sumali tayo!

Tumawag sa : Fujimino International Cultural Exchange Center TEL 275-0370.

Click FICEC Homepage.

Bisitahin ang URL ng aming homepage
www.alpha-net.ne.jp/users2/ficec/

Malalaman ninyo ang pinakabagong mga impormasyon at balita ng Center. May plano ding ilagay ang “Information Fujimino” na nakasalin sa iba’t ibang lengguahe sa nasabing homepage sa lalong madaling panahon.

Para maging handa---dagdagan ang ating kaalaman ukol sa natural disasters !

Sumali sa “Ika-6 na Iruma-East District Joint Emergency Drill”

Kailan: Aug.29 Saan: playground ng Fujimishi Mizutani Junior High

Oras: 9:00~12:00

Sa joint emergency drill na ito ay kunwari ay nagkaroon ng malaking lindol na may lakas na intensity 6 sa Saitama at apektado ang bayan ng Fujimi at mga karatig na mga ipa pang lugar na malapit dito. Maririnig ang pag-anunsiyo sa iba’t ibang lengguahe bandang 9:00~9:30. Maliban dito ay may mga iba pang programa kagaya ng evacuation drill o paglilikas, pagbibigay ng lutong kanin, first aid at iba pang mga pagsasanay. Inaanyayahan ang lahat!